

Quadrennial Theme:	<i>Spirituality for these Critical Times</i>
Panahon:	<i>Panahon ng Pamamayani ng Diyos</i> (Kingdomtide)
Antas:	NKYE
Setyembre 3, 2017:	Ikalawang Linggo ng Pamamayani ng Diyos/Linggo ng Misyon

Pamagat:

“Kagalakan Bilang Katangain ng Pamamayani ng Diyos”

BATAYAN SA BANAL NA KASULATAN

Matandang tipan:

AWIT 100 (*Magandang balita Biblia*)

AWIT NG PAGPUPURI

Isang awit ng pasasalamat

¹ Umawit sa kagalakan ang lahat ng mga bansa! ² Si Yahweh ay papurihan, paglingkuran siyang kusa; lumapit sa presensya niya at umawit na may tuwa! ³ O si Yahweh ay ating Diyos! Ito’y dapat na malaman, tayo’y kaniya, kaniyang lahat na nilalang; lahat tayo’y bayan niya kabilang sa kaniyang kawan. ⁴ Pumasok sa kaniyang templo na ang puso’y nagdiriwang, umaawit, nagpupuri sa loob ng dakong banal; purihin ang ngalan niya at siya’y pasalamat! ⁵ Napakabuti ni Yahweh, pag-ibig niya’y walang hanggan, pag-ibig niya ay tunay, laging tapat kailanman!

Lumang Tipan: Habakuk 3:17-18 (*Magandang balita Biblia*)

Magtiwala at magalak sa gitna ng kaguluhan

¹⁷ Bagamat di namumunga ang puno ng igos at hindi rin namumunga ang puno ng ubas, Kahit na maantala ang pamumunga ng olibo at walang anihin sa mga bukirin, kahit na mamatay lahat ng mga tupa at mawala ang mga baka sa kulungan, ¹⁸ magagalak pa rin ako at magsasaya dahil si Yahweh ang Diyos na magliligtas sa akin.

Bagong tipan : Filipos 4:4-7 (*Magandang balita Biblia*)

⁴ Magalak kayong lagi sa Panginoon, Inuulit ko, magalak kayo! ⁵ Ipadama ninyo sa lahat ang inyong kabutihang-loob. Malapit nang dumating ang Panginoon. ⁶ Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. ⁷ At ang kapayapaan ng Diyos na hindi kayang maunawaan ng tao ang siyang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo-Jesus.

SUSING KAISIPANG:

Ang Iglesia ay isang magalak na pamayanan.

Layunin:

Sa pagtatapos ng Aralin, inaasahan ang mga bata na:

1. Sama samang umawit ng papuri at makapagbigkas ng mga talata sa Biblia

2. Malaman na gusto ng Dios na tayo ay magalak
3. Maunawaan ang kahalagahan ng pagiging masaya bilang bahagi ng misyon ng Iglesia

Mga Kagamitan: Biblia, memory verse at song chart, dalawang maliit na paper plate bawat isang bata, dry beans, glue, stapler, puncher at ribbon

Kasanayang Pagkatuto

A. Panimulang Gawain

1. Welcome Time: Batiin ang mga bata sa kanilang pagdating
2. Panimulang Panalangin: Buong kagalakan kaming nagpapasalamat O Dios dahil sa pagkakataong Iyong ibinigay upang muli kaming magkasama sama. Tunay po na kami ay nagagalak dahil sa Inyong pagmamahal sa amin. Turuan nyo po kaming maging mapagpasalamat sa lahat ng pagkakataon. Sa pangalan ni Jesus. Amen.
3. Pag aawitan: "Rejoice in the Lord Always"
Rejoice in the Lord always
And again I say, rejoice. (2X)
Rejoice, rejoice and again
I say rejoice. (2X) Rejoice in the Lord always and again I say, rejoice.

B. Paghahanda sa Aralin

1. Ihanda ang mga bata sa pagpupuri sa pamamagitan ng paggawa ng noise maker. Bigyan ang bawat isang bata ng 2 paperplates, monggo, pandikit, at ibat ibang kulay ng ribbon. Ilagay ang mga monggo sa isang paperplate. Idikit sa ibabaw ang isa pang paperplate. Palagyan ng disenyo sa mga bata gamit ang mga ribbon. Magsisilbi itong noise maker ng mga bata.

C. Pag-aaral

Sama samang basahin ang Awit 100 at ipaliwanag ang bawat talata sa mga bata.

- a. *1 Umawit sa kagalakan ang lahat ng mga bansa! Ang salitang kagalakan ay nagmula sa salitang galak na ang ibig sabihin ay masaya. Gusto ng Dios na masaya tayong nagpupuri sa kanya. Sabay sabay na sasabihin: **Purihin natin ang Dios ng may kagalakan sa puso***
- b. *2Si Yahweh ay papurihan, paglingkuran siyang kusa; lumapit sa presensya niya at umawit na may tuwa! Nais ng Dios na umawit tayo ng may kagalakan sa ating pagpupuri bilang pagkilala sa kanyang pag-ibig. Sabay sabay na sasabihin: **Purihin natin ang Dios ng may kagalakan sa puso***
- c. *3O si Yahweh ay ating Diyos! Ito'y dapat na malaman, tayo'y kanya, kanyang lahat, tayong lahat na nilalang; lahat tayo'y bayan niya, kabilang sa kanyang kawan. Sama samang magpuri ng may kagalakan dahil nilikha nya tayo ayon sa kanyang wangis. Sabay sabay na sasabihin: **Purihin natin ang Dios ng may kagalakan sa puso***
- d. *4Pumasok sa kanyang templo na ang puso'y nagdiriwang, umaawit, nagpupuri sa loob ng dakong banal; purihin ang ngalan niya at siya'y pasalamatan! 5Napakabuti ni Yahweh, pag-ibig niya'y walang hanggan, pag-ibig niya ay tunay, laging tapat kailanman! Pumupunta sa templo ang mga tao noon para magpuri. Sa kasalukuyan pumupunta tayo sa simbahan para maranasan ang presensya ng Panginoon. Lumalapit tayo at nagpapasalamat dahil sa Sya ay mabuti. Ang kanyang pag-ibig ay nananatili. Sabay sabay na sasabihin: **Pasalamatan natin ang Panginoon sa kanyang kabutihan. Purihin natin ang Dios ng may kagalakan sa puso***

D. Pagbabahaginan

Magbahaginan sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga bata

1. Ano ang dapat nating taglayin sa pagpupuri?
2. Sino ang dapat nating kasama sa pagpupuri?
3. Bakit kailangan natin ng kagalakan sa pagpupuri?
4. Paano natin maipapakita ang ating kagalakan at pagpapasalamat sa Dios?
5. Bakit kailangan nating magpuri at magpasalamat sa Kanya?
6. Kailangan ba nating magalak sa panahon lang na nakukuha natin ang ating ninanais o sa lahat ng panahon? Bakit?

E. Aral mula sa Biblia

Tanong: Bilang Iglesia, bakit kailangan na maging masaya at nagagalak parati? (Gusto ng Dios na tayo ay nagagalak sa lahat ng panahon dahil iniibig Nya tayo at Sya ay sasaatin sa panahon ng kagalakan o kalungkutan)

F. Pagsasabuhay

1. **Para sa N/K:** Tawagin isa isa ang mga bata at itanong kung ano ang pinagpapasalamat nila sa Panginoon. Bago sila umupo sasabihin nila: "I'm joyful in the Lord always."
2. **Para sa YE:** gawin ang sumusunod:
 - a. Kumuha ng partner. Magbahaginan ng dalawang bagay na masaya nilang tinatanggap at dalawang bagay na ikalulungkot nilang matanggap. Ipaunawa na dapat ay matutong laging magpasalamat sa Dios sa lahat ng bagay na kanilang natatanggap bunga ng kanilang pagtitwala sa Kanya.
 - b. Kumpletuhin ang mga sumusunod
 1. Tinuturuan tayo ng Dios na sumamba ng may kagalakan _____ (palagi)
 2. Masaya ako tuwing nakikita ko sa simbahan si _____ (pangalan)
 3. Kung sama sama tayong nagpupuri at sumasamba ang Dios ay magiging _____ (masaya)
 - 4.

G. Pagtatapos

1. Pagbigkas ng Sinaulong Talata Awit 100:1
2. Paghahandog: Gamitin ang mga noisemakers sa pagpupuri habang naghahandog
3. Pangwakas na Awit: "I've Got Joy Down In My Heart"
I've got joy down in my heart, deep, deep down in my heart.
J-O-Y down in my heart, deep, deep down in my heart.
Jesus gave it to me and no one can destroy it. Destroy! Destroy! Oopsss!!!
I've got joy down in my heart, deep, deep down in my heart.
J-O-Y down in my heart, deep, deep down in my heart.
4. Pangwakas na Panalangin
Nagpapasalamat kami Panginoon dahil tinuruan Nyo po kami na magkaroon ng kagalakan bilang inyong Iglesia. Tulungan nyo po kaming maituro din sa iba na sa pamamagitan ng Iyong pag-ibig at katapatan, magiging panatag at masaya kami sa lahat ng pagkakataon. Sa pangalan ni Jesus, Amen.